



# COUNTY NG SAN DIEGO

## MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN  
Ika-14 ng Oktubre, 2020  
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

### WALA PA ANG BALOTANG PANGKOREO? KONTAKIN ANG OPISINA NG TAGAPAGREHISTRO

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay nagpadala ng higit sa [1.9 milyong mga balotang pangkoreo](#) sa mga nakarehistrong botante noong nakaraang linggo para sa Ika-3 ng Nobyembre na Pampanguluhang Pangkalahatang Eleksyon. Kung hindi ninyo natanggap ang sainyo, maaaring kailanganin ninyong tumawag sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante.

Una, makikita ninyo kung ang inyong balotang pangkoreo ay naipadala na sa pamamagitan ng pag-check sa [sdvote.com](#). Kung hindi pa, maaaring mayroong mga ilang kadahilanan.

Kung kayo ay lumipat, kailangan ninyong muling-magparehistro upang makatanggap ng isang balotang pangkoreo. Nirerekomenda ng Tagapagrehistro na [magparehistro online](#) na ngayon ng sa ganun ay mayroon pang oras para mapadalhan kayo ng isang balotang pangkoreo bago ang eleksyon.

Ang mga balotang pangkoreong ipinadala noong nakaraang linggo ay dapat dumating na sa o bago ang Ika-10 ng Oktubre. Kung ang inyong impormasyon ng botante ay up to date at ang inyong balotang pangkoreo ay hindi pa dumating, tumawag sa opisina ng Tagapagrehistro sa 858-565-5800.

Kung natanggap na ninyo ang inyong balota, huwag na maghintay pa. Umaksyon na ngayon at bumoto nang kumportable sa inyong tirahan. Pirmahan at petsahan ang inyong sobre, i-seal ang inyong nakumpletong balota sa loob at ibalik ito sa isang [pinagkakatiwalaang source](#).

Ang inyong minarkahang balota na nasa pre-paid postage na sobre ay maaaring ibalik sa kahit saanmang [opisina ng U.S. Postal Service o collection box](#).

Mayroon din kayong opsyon na ibalik ang inyong balota sa isa sa 126 na [mga mail ballot drop-off location](#) sa buong county. Maghanap ng isang drop-off location na malapit sainyo sa pamamagitan nitong [locator tool](#) o tingnan ang loob ng inyong pakete ng balotang pangkoreo para sa listahan ng tatlong mga lokasyong malapit sa inyong tirahan.



# COUNTY NG SAN DIEGO

## MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN  
Ika-14 ng Oktubre, 2020  
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

Maaari rin ninyong i-track ang inyong balota sa pamamagitan ng pag-sign up para sa [Nasaan Ang Aking Balota?](#) Makakakuha kayo ng mga notipikasyon kung kailan nakabalik ang inyong balotang pangkoreo sa opisina ng Tagapagrehistro at kung kailan ito nabilang.

Kung mas maagang matatanggap ng opisina ng Tagapagrehistro ang inyong balota, mas maaga nila itong maproproseso para sa unang paglabas ng mga resulta sa Gabi ng Eleksyon.

Ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ay naglunsad ng isang [Bumoto Nang Mas Ligtas San Diego](#) na campaign upang matulungan ang mga botanteng makaiwas sa pagkakaroon ng COVID-19 habang binobotohan ang kanilang balota para sa Ika-3 ng Nobyembre na eleksyon. Para sa higit pang kaalaman, bisitahin ang [sdvote.com](http://sdvote.com) o tumawag sa (858) 565-5800.

###

COUNTY**NEWS**CENTER

